# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 11, 2024, LUNES, IKA-09:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President may karamdaman |

OFFICE OF THE SANG. BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 11/20/24 TIME

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE Santa Cruz, Laguna RECORDED By: 19 NOV 2024

**KAPASIYAHAN BLG. 372-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 186-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 15-T2024 NG BARANGAY SAN JOSE, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAKAPAGTAAS NG HONORARIUM ANG BUONG KATULUNGIN NG BARANGAY, BHW, BNS, BARANGAY TANOD, DAYCARE, CARETAKER, AT TANOD/ DRIVER NG PATROL NG HALAGANG P200.00 BAWAT ISA KADA BUWAN; BARANGAY SECRETARY AT TREASURER (P1,000.00); BRK (P1,000.00); ADMINISTRATOR (P1,300.00), VAWC (P1,200.00) KADA BUWAN PARA SA TAONG 2025.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Jose sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 186-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 15-T2024 na nagtataas allowance ng mga katulungin ng barangay para sa taong 2025 na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Lucena R. Odejar, at Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN**G: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 186 -T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 15-T2024 ng Barangay San Jose, Santa Cruz, Laguna na makapagtataas ng honorarium ang buong katulungin ng barangay, BHW, BNS, Barangay Tanod, Daycare, Caretaker, at Tanod/ Driver ng Patrol ng Halagang P200.00 bawat isa kada buwan; Barangay Secretary at Treasurer (P1,000.00); BRK (P1,000.00); Administrator (P1,300.00), VAWC (P1,200.00) kada buwan para sa taong 2025.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng San Jose, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 11, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 11-19-24

LAM/CEL 24

111924